

Mga Panloloko sa Bakuna sa COVID-19

Sa tuwing may krisis sa kalusugan, ang mga manloloko o scammers ay hahanap ng paraan para dayain ang mga tao sa kanilang mga pera. Sa panahon ng pandemyang coronavirus, ang mga manloloko ay gumagamit ng mga robocall, sosyal (social) media post, at email para samantalahin ang takot, pagkabalisa, at kalituhan tungkol sa COVID-19. Nagbebenta sila ng mga bagay na hindi gumagana, naniningil ng pera para sa mga bagay na libre, at nagnanakaw ng personal na impormasyon. Ngayong ang [bakuna sa COVID-19](#) ay nasa Los Angeles County na, tinatarget ng mga manloloko ang mga lokal na residente gamit ang bagyo, nauugnay sa bakunang pakana. Mag-ingat!



Ipinamamahagi ang bakuna sa COVID-19 sa Los Angeles County sa isang pataas at malinaw na paraan. Kung may taong nagbebenta sa iyo ng pagkakataon na mabakunahan bago ang toka mo, isa itong panloloko o scam.

- Iniaalok lamang sa oras na ito ang bakuna sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan (healthcare workers) at mga taong naninirahan sa mga pangmatagalang pasilidad ng pangangalaga (halimbawa ay nursing homes).
- Ang mga kinakailangang manggagawa na hindi makapagtrabaho mula sa bahay ay malamang na siyang susunod na aalokan ng bakuna dahil sila ang nasa mataas na panganib ng pagkakalantad sa COVID-19 virus. Ang mga nakatatandang adulto, at mga adultong may medikal na kondisyon ay maaaring susunod na rin dahil sila ang mas malamang na magiging mas malubha ang sakit kung sila ay makakakuha ng COVID-19.
- Ang mga batang wala pang 16 na taong gulang ay hindi aalokan ng bakuna sa nalalapit na hinaharap. Hindi pinapayagan ang bakuna na maibigay sa grupo ng edad na ito.
- Habang mas maraming bakuna ang magagamit, ito ay iaalok sa lahat. **Malamang na abutin ito ng mga buwan. Maaaring hindi ialok ang bakuna sa pangkalahatang publiko hanggang sumapit ang Tagsibol/Tag-init ng 2021.**
- Ang impormasyon tungkol sa kung paano makukuha ang bakuna ay ipapaskil sa [COVID-19 webpage](#) ng Pamublikong Kalusugan (ph.lacounty.gov/Coronavirus/vaccine/) kapag magagamit na ang bakuna sa magkakaibang mga grupo.
- Kung mayroon kang mga katanungan, makipag-usap sa iyong doktor. Tawagan ang 2-1-1 o bisitahin ang [211LA website](#) kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng doktor.

Ang bakuna sa COVID-19 ay ibibigay sa mga residente ng Los Angeles County nang walang gastos at hindi alintana ang kalagayan ng imigrasyon. Kung may taong magsasabi sa iyo na kaya ka nilang kunan ng isang espesyal, mura, o madaliang negosasyon para sa isang bakuna, ito ay isang panloloko o scam.

- Hindi ka sisingilin o kahating magbabayad para makatanggap ng isang bakuna sa COVID-19. Ang doktor o parmasya ay maaaring maningil ng bayarin para sa pagbibigay ng bakuna, ngunit ito ay dapat na saklaw ng mga pampubliko at pridadong kumpanya ng seguro. Ang mga taong walang seguro sa kalusugan (health insurance) ay maaaring makakuha ng mga bakuna sa COVID-19 nang libre.
- HINDI ka tatanungin tungkol sa iyong kalagayan ng imigrasyon kapag ikaw ay kumuha ng isang bakuna sa COVID. Ang iyong medikal na impormasyon ay pribado. Hindi pinahihintulutan ang iyong doktor na ibahagi ito sa mga opisyal ng imigrasyon.
- Bisitahin ang [Tanggapan ng mga Gawaing Imigrante pahina ng COVID-19](#) ng Los Angeles County para sa mga update sa COVID-19 para sa mga imigranteng residente.

Ang PULANG BANDERA ay isang babalang palatandaan o sensyales na maaaring panloloko ang isang bagay. Tumingin para sa mga pulang banderang ito sa bakuna sa COVID-19:

- May taong nag-aalok sa iyo na ililipat ka sa isang mas naunang grupo para makuha ang bakuna nang libre.
- May taong nagbebenta sa iyo ng isang puwesto sa listahan ng mga naghihintay sa bakuna sa COVID.

Mga Panloloko sa Bakuna sa COVID-19

Walang “listahan ng mga naghihintay sa bakuna”.

- May tao sa kalye, online, o sa sosyal media, o taong kumakatok sa iyong pinto na sinusubukang bentahan ka ng turok ng bakuna.

Sa isang lokal na panloloko sa bakuna, isang lalake ang nag-ulat na siya ay inalokan ng mga bakuna para sa kanyang buong pamilya sa halagang \$49 kada tao. Suwerte naman, ang kumpanya ng credit card ng lalake ay tinanggihan ang pagbabayad. Ang mga bakuna ay maaari lamang ibigay ng mga lisensyadong medikal na tagapagbigay (medical providers).

- Nakakakuha ka ng mga tawag, text, o email tungkol sa bakuna. Ang tumatawag ay hinihingi ang iyong personal o pinansyal na impormasyon. Maaaring ito ay ang iyong numero ng Social Security, account sa bangko o credit card. HUWAG KAILANMAN ibahagi ang mga numerong ito o iba pang personal na impormasyon sa isang hindi kilalang tumatawag o sa isang text o email.
- Nakakakita ka ng mga patalastas para sa mga pekeng bakuna o “milagrosong lunas” gamit ang mga bitamina o pandagdag diyeta. Isinusulong ng mga manloloko ang mga ito kahit na hindi pa napapatunayan na gumagana. Ang FDA ay nakapaglabas na ng mga babalang sulat sa maraming kumpanya para sa pagbebenta ng mga produkto na nagpapahayag na pumipigil, gumagamot, o lumulunas sa COVID-19.
- Kung may sinuman na hindi kilala sa iyong komunidad (tulad ng isang doktor, isang klinika sa pangangalagang pangkalusugan, isang parmasya, isang programa sa kalusugan ng County) ay nag-aalok sa iyo ng isang bakuna – mag-isip nang dalawang beses at magtsek sa iyong doktor. Huwag hayaang manalo ang mga manloloko!

Sa katunayan, palaging makipag-usap sa isang doktor o iba pang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) bago kumuha ng anumang bakuna, gamot o produktong pangkalusugan.

Kumuha ng Tulong

- **Maghanap ng isang doktor:** tawagan ang 2-1-1, ang LA County linya ng impormasyon o bisitahin ang [211LA website](#).
- **Humanap ng mga yaman tulad ng mga pagkain, gamot, at iba pang mga kinakailangang gamit:** tawagan ang 2-1-1 o bisitahin ang [211LA website](#), o ang [resource webpage](#) ng Pamublikong Kalusugan.
- **Iulat ang isang posibleng panloloko sa COVID at kumuha ng tulong sa pagsubok na bawiin ang iyong pera:** makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Usapin ng Mamimili at Negosyo ng Los Angeles County (LA County Department of Consumer and Business Affairs (DCBA)): [dcba.lacounty.gov](#) o 800-593-8222.
- **Iulat ang mga kahina-hinalang pagpapahayag na ginawa tungkol sa bakuna, pagsuri o paggamot na mga produkto :** iulat sa FTC sa [ftc.gov/complaint](#)

Mga Panloloko sa Bakuna sa COVID-19

Manatiling napapanahon – gamit ang mapagkakatiwalaang impormasyon

Mag-ingat sa mga pekeng balita at panlilinlang pati na rin ang mga panloloko sa COVID-19

Mga Pagbabago sa Coronavirus

- Bisitahin ang ph.lacounty.gov/media/Coronavirus, mag-sign up para sa mga press release, o sundan kami sa @lapublichealth
- Bisitahin ang COVID-19 webpage ng County covid19.lacounty.gov
- Itsek ang website ng CDC www.cdc.gov/coronavirus

Mga Alerto sa Panloloko o Scam

Manatiling napapanahon sa mga pinakabagong panloloko at pag-iingat na dapat mong gawin at ng iyong pamilya.

- Matutunan ang tungkol sa mga kamakailang panloloko mula sa [mga alerto ng konsyumer](#) ng Usapin ng Mamimili at Negosyo ng Los Angeles (Los Angeles Consumer and Business Affairs)
- Bisitahin ang [Tanggapan ng mga Gawaing Imigrante pahina ng COVID-19](#) ng Los Angeles County
- Mag-sign up para sa American Association of Retired Persons (AARP) [Bantay Alerto sa Pandaraya](#)
- Mag-sign up para makatanggap ng [mga alerto ng konsyumer](#) ng Federal Trade Commission

Matutunan ang iba pang karaniwang Panloloko at Pandaraya sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagbisita sa ph.lacounty.gov/hccp/covidscams.

Mag-sign up para sa COVID-19 Vaccine Email Newsletter

Upang mag-sign up para sa mga regular na pagbabago (updates) sa bakuna sa COVID-19, mangyaring bisitahin ang [Bakuna sa COVID-19](#) na web page.